# KAPASIYAHAN BLG. 2023-22

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT BULACAN STATE UNIVERSITY (BULSU) NA NAUUKOL SA ON-THE-JOB TRAINING PROGRAM / INTERNSHIP NG MGA ESTUDYANTE."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Edukasyon**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bulacan State University (BulSU);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa on-the-job training program / internship ng mga estudyante;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang magkaroon ng kaalaman, kasanayan, at kakayahan ang mga estudyante ng Bulacan State University (BulSU) na kinakailangan upang maisagawa ang mga gawain na nauugnay sa kanilang tungkulin sa trabaho.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bulacan State

University (BulSU) na nauukol sa on-the-job training program / internship ng mga estudyante.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim